Glendale Water & Power
141 North Glendale Ave., Level 2
Glendale, CA 91206

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga rolling outage at pagkawala ng kuryente, i-scan ang QR code na ito o bumisita **GlendaleCA.gov/RollingOutages**

**Այս ծանուցումը հայերեն դիտելու համար սկանավորեք այստեղ:**

**Escanee aquí para ver este aviso en español.**

Pinahahalagahan namin ang iyong pang-unawa at pasensya sakaling maapektuhan ka ng pagkawala ng enerhiya. Ang GWP ay isang itinalagang Reliable Public Power Provider ng American Public Power Association at kinikilala sa pagpapakita ng mataas na kahusayan sa relayabilidad at pagpapabalik ng enerhiya. Ang iyong kaligtasan ay importante para sa amin, at nagsusumikap kaming mapanatili ang relayabilidad at matiyak na palaging maibabalik ang enerhiya ng aming mga kustomer nang mahusay at ligtas.

@COGWaterPower @GlendaleWaterandPower @GlendaleWaterandPower

City of Glendale Water & Power
Your Trusted Community Utility

# PROVIDING RELIABLE POWER TO GLENDALE

Hulyo 2024



## Impromasyon sa paghahanda sa outage sa panahon ng tag-araw sa 2024

Minamahal naming Kustomer ng Kuryente at Tubig sa Glendale,

Ang Grayson Power Plant, na matatag na nagsilbi sa Glendale sa pamamagitan ng pagbibigay ng lokal na enerhiya sa loob ng mahigit 80 taon, ay na-decommision upang bigyang-daan ang bagong Grayson Energy Center na itinatayo upang pagsilbihan ang mabilis na lumalaking mga pangangailangan sa enerhiya ng Glendale. Habang itong proyekto ng muling pagbibigay ng enerhiya ay kailangan para sa pangmatagalang kahusayan ng ating power generation, ito ay maaaring magdulot ng pansamantalang hamon na maaaring humantong sa kakulangan ng enerhiya sa susunod na dalawang taon, partikular sa mga buwan ng tag-init. Upang masiguro ang maayos na transisyon sa panahon ng kritikal na yugtong ito ng proyekto, hinihiling namin ang iyong suporta at kooperasyon sa mga oras ng pagtaas ng demand.

Ang tumataas na temperatura at mga pag-init ay nagpapataas ng pangangailangan para sa pagpapalamig at air conditioning, na nagbibigay ng karagdagang stress sa sistema ng enerhiya. Ang Glendale ay gumagawa ng mga proactive na hakbang upang mabawasan ang mga potensyal na isyu at mapanatili ang isang maaasahang suplay ng enerhiya. Ngunit, kung nahaharap tayo sa ilang araw na patuloy na mataas ang temperatura, na walang paglamig sa gabi, hihilingin namin sa aming mga kustomer na magtipid ng enerhiya hangga't maaari, sa pamamagitan ng pagbibigay ng Peak Alerts. Kung walang pagtitipid ng enerhiya, malamang ay nating magtiis sa mga rolling outages sa panahong ito.

Bagama't hindi namin matitiyak kung kailan magkakaroon ng matinding init, kami ay nakatuon sa pagpaplano at paghahanda upang mabawasan ang mga potensyal na pagkagambala sa kuryente. Ang priority natin (GWP) ay ang panatilihing nakabukas ang mga ilaw at manatiling maaasahan habang naghahanda para sa mga kaganapan ng matinding pag-init.

## Ano ang magagawa ng aming mga kustomer sa panahon ng Peak Alert?

### Mga Payo sa Pagtitipid ng Enerhiya:

- **Itaas ang thermostat sa 78 degrees kapag ikaw ay nasa bahay, o 80 degrees kapag wala ka sa bahay, habang iniisip ang kaligtasan ng mga alagang hayop at miyembro ng pamilya.**
- **Patayin ang mga hindi kinakailangang ilaw at tanggalin sa saksakan ang mga kagamitan/aparato na hindi ginagamit.**
- **Bumili ng Smart Thermostat upang makontrol ang temperatura gamit ang iyong telepono o tablet at mag-enroll sa Peak Savings Demand Response Program sa pamamagitan ng pagbisita GWPPeakSavings.com**
- **Iwasang gumamit ng mga kagamitang makunsumo sa enerhiya gaya ng mga panghugas ng pinggan, makinang panlaba, pampatuyo o pang-charge ng iyong de-kuryenteng sasakyan bago mag-9:00 PM.**
- **Isara lahat ng blinds at kurtina upang manatiling malamig ang mga kwarto.**
- **Gumamit ng mga bentilador sa kisame o mga personal na bentilador hangga't maaari. Ang mga bentilador ay nagpapalamig ng mga tao, hindi ng mga bakanteng kwarto.**
- **Umiwas sa paggamit ng oven o kalan hangga't maaari upang manatiling malamig ang iyong tahanan.**

**Ang GWP ay may mga programa sa pagtugon sa kahusayan at pangangailangan sa enerhiya kung saan pwedeng lumahok ang mga kustomer. Ang mga ito ay nagbibigay ng mga insentibo at humihikayat sa pagtitipid ng enerhiya. Bisitahin ang mga link sa ibaba para sa impormasyon sa programa.**

**Mga Programa sa Paninirahan**

GlendaleCA.gov/ResidentialPrograms

**Mga Programa sa mga Negosyong Kustomer**

GlendaleCA.gov/BusinessPrograms

I-scan ang QR code na ito para sa impormasyon at kung paano mag-enroll sa aming Peak Savings Demand Response Program para sa mga kustomer sa tirahan at sa negosyo.

GWP Customer Service Dept. **(855) 550-4497** | @COGWaterPower | @GlendaleWaterandPower

## Pag-unawa at paghahanda para sa mga outage

Importanteng malaman ang pagkakaiba ng rolling outage at regular na pagkawala ng kuryente. Sa panahon ng mga **rolling outage**, tayo, bilang kumunidad, ay kailangang magbawas ng stress sa parilya ng kuryente sa pamamagitan ng pagsubaybay sa karga ng enerhiya kumpara sa pangangailangan. Samakatuwid, hindi namin maipapaalam ng maaga sa mga kustomer na mawawalan sila ng kuryente. Kapag ikaw ay parte ng rolling outage, ang iyong kuryente ay maaaring patay-sindi kada 60 minuto. Kapag nawalan ka ng kuryente, babalik ito sa loob ng 60 minuto. Depende sa karga ng enerhiya, posibleng makaranas ng maraming rolling outage sa isang araw.

Sa mga mataas na temperatura, palaging may posibilidad ng **pagkawala** ng **kuryente** na dulot ng sobrang pagkarga at sobrang init na kagamitan. Ang regular na pagkawala ng kuryente ay maaaring tumagal mula sa dalawampu minuto hanggang anim na oras depende sa uri ng failure ng aparato at kinakailangang pag-aayos.

### Maging handa sa anumang uri ng outage

- Magkaroon ng mga flashlight at dagdag na baterya
- I-charge ang mga panlabas na baterya para sa mga telepono at tablet
- Magtabi ng maraming tubig sa malapit
- Tipirin ang kapasidad ng paglamig ng iyong predyider sa pamamagitan ng pagsasara ng pinto nito
- Tumingin sa online para sa mga lokasyon ng sentro ng pagpapalamig sa lungsod

## Manatiling maalam sa peak alert at impormasyon sa outage mula sa GWP

- **Mag-sign-up para sa mga text alert patungkol sa outage GlendaleCA.gov/OutageTextAlerts**
- **Tignan ang live na mapa ng outage sa aming website sa anumang oras GlendaleWaterandPower.com**
- **Sundan kami sa**
  - **COGWaterPower**
  - **GlendaleWaterandPower**
  - **GlendaleWaterandPower**
- **Mag-sign-up para sa ating newsletter na From the Source. Gagamitin namin ang iyong email upang magpadala sa'yo ng mga importanteng impormasyon at update. GlendaleCA.gov/FromTheSource**
- **I-update ang iyong contact information sa aming Customer Service Department, sa pamamagitan ng pagtawag (855) 550-4497**

**Sa oras ng emerhensiya, tumawag sa 911**